Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Talambuhay**

**PANUTO:** Basahin ang talambuhay sa loob ng kahon. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong tungkol dito.

**Isang Huwaran**

Isang bantayog ni Heneral Gregorio del Pilar ang matatagpuan ngayon sa Philippine Military Academy. Ito ay isang paaralan para sa ibig maging dalubhasang kawal o sundalo. Ito ay nasa Baguio City. Dito nila pinag-aaralan kung paano maging matapang, matapat, at matatag na kawal. Ang lugar ng paaralan ay tinatawag na Fort del Pilar dahil si Heneral Gregorio del Pilar ang kanilang huwaran.

Si Heneral Gregorio del Pilar ang pinakabatang heneral noong panahon ng himagsikan na namatay dahil sa pagtatanggol sa ating bansa. Siya'y isinilang sa Bulacan noong ika-14 ng Nobyembre 1875. Ang kaniyang mga magulang ay sina Don Fernando del Pilar at Felipa Sempio.

Bago pa siya nakatapos sa pag-aaral ay umanib na siya sa Katipunan. Ito ay samahan ng mga Pilipino na lumaban sa mga Espanyol na sumasakop sa ating bansa noon.

Noong 1894, siya'y naging koronel sa gulang na labinsiyam. Dalawampu't dalawang taon naman nang siya'y maging heneral. Dahil sa kaniyang katapatan, katalinuhan, at mabuting ugali, kinalugdan siya ng kaniyang mga kasama at pinuno. Siya'y naging katapatang loob ni Heneral Emilio Aguinaldo, kaya noong minsang pumunta ito sa Hong Kong ay isinama siya.

Siya'y hinangaan ng marami sa kagalingan niya sa pakikipaglaban. Halos lahat ng kaniyang pagsalakay at pakikipaglaban ay naipanalo o napagtagumpayan niya kaya siya'y nakilala at napabantog. Dahil sa kaniyang katapangan, ibinigay ni Heneral Aguinaldo sa kaniya ang tungkuling ipagtanggol ang Pasong Tirad laban sa mga Amerikano. Animnapung katao lamang ang kaniyang kasama. Kahit alam niyang marami ang mga kalaban, matapat siya sa kautusan ng kaniyang heneral. Ni hindi man lamang siya nagpakita ng takot. Sakay ng kaniyang kabayong puti, ang pinakabatang heneral ng ating bayan ay hinarap ang kaniyang dakilang tungkulin noong ika-2 ng Disyembre 1899.

Nang umagang iyon, bago siya lumakad para makipaglaban, nagsulat siya sa kaniyang talaarawan. Isa ito sa mga bagay na nakuha sa kaniya nang siya'y mamatay sa pakikipaglaban. Ito ang isinulat niya: "Inatasan ako ng Heneral na pumili ng aking tauhan upang ipagtanggol namin ang Pasong Tirad. Napakalaking tungkulin nito. Alam kong nakataya ang aking buhay pati na ang mga kasama ko ngunit nararamdaman ko na ito na ang pinakamaligayang sandali ng aking buhay. Nalulugod akong mamatay sa pagtatanggol sa aking Inang Bayan. Walang pagpapakasakit ang hihigit pa kaysa rito."

Ang Pasong Tirad kung saan siya namatay kasama na ang animnapung sundalong Pilipino ay nasa isang bundok na 4,500 talampakan ang taas. Ang tungkulin nila ay harangin ang mga Amerikanong humahabol kina Pangulong Aguinaldo upang dakpin ito at mapasuko ang mga Pilipino. Naglagay sina Heneral del Pilar ng hadlang na bato sa daraanan. Nakikita nila ang mga dumarating na sundalong Amerikano sa ibaba. Pinaulanan nila ng punglo ang mga ito. Kahit na nasa mataas silang lugar at ang mga kalaban ay nasa ibaba, hindi nila namalayang nakaakyat ang mga ito sa pamamagitan ng makitid na lagusan. Sa katapusan, natalo ang mga sundalong Pilipino pati ang kanilang batang heneral dahil higit na marami ang mga sundalong Amerikano at magaling ang mga armas nila. Isang bala mula sa likuran ang kumitil sa buhay ni Heneral Gregorio del Pilar.

**MGA TANONG:**

1. Saan matatagpuan ang bantayog ni Heneral Gregorio del Pilar?

2. Sa anong samahan siya sumapi?

3. Kanino niya ipinagtanggol ang ating bayan?

4. Paano niya ipinagtanggol ang Pasong Tirad?

5. Ano-ano ang katangian ni Heneral Gregorio del Pilar?

6. Ano ang ginawa niya upang hindi mahabol ng mga Amerikano si Pangulong Aguinaldo?

7. Anong kabayanihan ang ipinakita ni Heneral Gregorio del Pilar?

8. Bakit siya naging huwaran ng mga nagnanais na maging sundalo?

9. Paano niya tinanggap ang hamon na ipaglaban ang Pasong Tirad?

10. Bakit natalo ang mga sundalong Pilipino ng mga Amerikano?